



Petsa Ngayong Araw

Para sa Kinauukulan:

RE: Abiso Tungkol sa Coronavirus (COVID-19) sa [negosyo, function, sports team, event, lugar na pinagtatrabahuhan]

(RE: Notice of Coronavirus (COVID-19) at [business, function, sports team, event, workplace])

Sinisiyasat ng mga kawani ng Pamublikong Kalusugan ang isang kaso ng COVID-19 sa [negosyo, function, sports team, event, lugar na pinagtatrabahuhan] noong [petsa ng pagkakalantad].

HINDI ka tinukoy bilang close contact ng taong may COVID-19 sa lokasyong nasa itaas at HINDI mo kailangang mag-quarantine. Gayunpaman, inirerekomenda ng Medikal na Opisyal ng Kalusugan na magpa-test para sa COVID-19 sa lalong madaling panahon ang LAHAT ng indibidwal sa [pangalan ng pasilidad] sa pagitan ng [hanay ng petsa] kahit na wala kang sintomas. Pakikumpleto ang [AHS COVID-19 Testing/Online Booking](#) o tumawag sa Health Link sa 811 sa lalong madaling panahon upang magpa-appointment para sa COVID-19 testing. Ang Outbreak/EI Number kung saan mo kailangang mag-book ng test ay [2021-XXXX].

Bagama't hindi ka natukoy bilang close contact at kahit na negatibo ang resulta ng iyong test, mangyaring patuloy na obserbahan ang iyong sarili para sa mga sumusunod na sintomas sa loob ng susunod na 14 na araw (dalawang linggo). Maaaring kabilang sa mga sintomas ang lagnat, ubo, pangangapos ng hininga, hirap sa paghinga, masakit na lalamunan, sipon o pagkawala ng panlasa at/o pang-amoy. Ang ilang taong may COVID-19 ay may pagduruwal, pagsusuka, pagtatae o hindi lang mabuti ang pakiramdam. Kung magkakaroon ka ng mga sintomas na inilalarawan sa itaas, mangyaring mag-isolate sa bahay at kumpletuhin ang [AHS COVID-19 Testing/Online Booking](#) o tumawag sa Health Link sa 811 sa lalong madaling panahon upang magpa-appointment para sa COVID-19 testing. Ang Outbreak/EI Number na gagamitin kapag pinapa-book ang test na ito ay [2021-XXXX].

Upang makatulong na mabawasan ang pagkalat ng anumang virus sa respiratoryo, palagi naming inirerekomenda ang mga sumusunod:

- Dapat hugasang mabuti at madalas ng lahat ng nasa bahay ang kanilang mga kamay gamit ng sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo.
- Gumamit ng alcohol-based hand sanitizer kung wala kang sabon at tubig at mukhang madumi ang iyong mga kamay.
- Paalalahanan ang lahat na subukang huwag hawakan ang kanilang mga mata, ilong at bibig maliban na lang kung malinis ang kanilang mga kamay.
- Takpan ang iyong bibig at ilong ng tissue o iyong manggas kapag umubo o bumahing ka. Itapon ang mga nagamit na tissue sa basurahan at hugasan kaagad ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo.
- Linisin at i-disinfect ang mga lugar na madalas na hinahawakan ng mga tao, gaya ng mga doorknob at counter.
- Lumayo sa iba nang hindi bababa sa 2 metro/6 na talampakan.
- Magsuot ng mask sa publiko at sa lahat ng indoor na lugar na pinagtatrabahuhan.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa COVID-19, pakitawagan ang Health Link sa 811, at/o bisitahin ang website ng Alberta Health Services para sa COVID-19 sa ahs.ca/covid.

Pamublikong Kalusugan, Pagkontrol sa Nakakahawang Sakit